# Prologue

Pikot. Ang great, diabolical plan ni Belladonna Tuason upang makuha ang lalaking matagal nang sinasamba ng kanyang mga mata. Sa lahat naman kasi ng lalaking nahuhumaling sa kanya ay nadapa ang kanyang inutil na puso sa tao pang walang pakialam sa kanya. Alam niyang sasaktan lang siya nito. At ang inutil naman niyang puso na may fascination pa yata sa sadism gustong kumikirot parati.

1. Crexus didn't like her.
2. He's taken.
3. Sa kakambal niya pa ito na-in love.

Ganoon nga kasaklap ang buhay niya. Mahal niya ang nobyo ng kakambal niya. But there was not much she wouldn't do just to get the man of her dreams kesehodang mamikot pa siya. Wala naman siyang wholesome and good girl image. She was the villainess. Had always been the wicked one, the evil twin. Kaya hindi na masama kung isagawa niya ang masamang plano.

Itinulak ni Belladonna ang pinto ng silid na inookupa ni Crexus sa isang resthouse na pag-aari ng pamilya nito. Nalaman niyang may planong magtanan

ang magkasintahan matapos niyang makumbinsi ang ama na ipakasal ang kakambal niyang si Heliconia sa kababata nilang si Yarrick. Napakasalbahe at napakasama niya! But she was a hopeless case of a woman in love. Mahal na mahal niya si Crexus at gusto niyang mapasakanya ang binata.

Suot ang kakarampot na tela ng see-through red nightdress ay patingkayad siyang pumasok sa kuwarto. Half-naked Crexus was sprawled over the bed in his hot faded trousers, exposing his perfectly-formed abdominal muscles—hard and hot—bathed in silvery moonlight. The man had the chiselled body of a god. Little, sexy hair trickling below his navel. Magulo ang buhok nito pero hindi siguro aayon kailanman ang pang-uring 'magulo' sa binata. Messy would always equal to sexy wherever Crexus was concerned. Maganda ang hulma ng mukha nitong pilit niyang inaaninag sa dilim.

Napalunok siya at nahaplos ang kanyang lalamunan. Napakaganda ng pigura ni Crexus. Malaking tao ito. Tall and muscular and he was the most beautiful man she had ever seen in her entire life. Hindi niya alam kung kakayanin niya ito. The man had the endurance of a horse, the strength of a bull, and probably the speed of a rabbit—sa kama! Manlulupaypay siya pihado pagkatapos nito sa kanya. Walking would be impossible

after he's done planting his *bone* inside her.

Gumalaw ang ulo ng lalaki at tumuon sa direksyon niya ang mga mata nitong unti-unting nagmulat at halos tumigil sa pagtibok ang puso niya. Madilim sa loob ng kuwarto at tanging liwanag mula sa bilog na buwang nakasilip sa awang ng bintanang nasa uluhan ng lumang four-poster bed ang nagsisilbing ilaw nila.

Hinila ng binata ang sarili paupo at isinandal ang likod sa headboard. "Heliconia?" His voice was hoarse and sexy as f*ck. Tila ba kagagaling lang nito mula sa isang mainit na pakikipagtalik.

*Oh, my God!* sigaw ng dibdib niyang tila puputok na sa pinaghalong mga emosyon.

A slow, sexy smile curved Crexus' mouth. Jesus Christ, his kind of smile had to be illegal! He opened his arms urging her to come closer. "You came…"

Tumikhim siya. "Y-yes." Ramdam niya ang panginginig ng kanyang tinig at mga kamay. She wanted to say that this was right. Na walang masama sa pinaplano niyang gawin. That she only wanted her heart to be happy after being tormented for a long time. It was now or never. Ayaw niyang mabuhay sa 'baka' at 'kung sana'. Kung gusto niyang mapasakanya ang lalaki, ngayon na ang tinakdang oras para isagawa ang plano niya.

Inihanda na ni Belladonna ang sarili sa magiging

consequence ng aktuwasyon niya. She needed to try, at kailangan ay magtagumpay siya. Else, her heart would suffer bigtime. And she would have to carry the scar with her all her life.

"O-oo, nandito na ako," pagpapanggap niya, gumapang paakyat ng kama at ipinaloob ang katawan sa mainit na mga bisig ng binata.

"I knew you would..." paanas nitong sambit, hinaplos ang pisngi niya. Sinakop ng mainit na palad ng binata ang batok niya kasabay ng pagbaba ng mga labi nito sa nakaawang niyang bibig.

Ang kanyang unang halik. Totoo ngang sadyang napakatamis niyon. Ibinuka niya ang bibig upang bigyan ng laya ang dila nitong manaliksik sa loob niyon. His tongue teased her own. Sa una ay mabagal hanggang sa naging mainit at mapaghanap. Sumuot ang kamay nito sa loob ng manipis na tela ng pulang nightdress at sinapo ang kanyang kanang dibdib.

Napasinghap ang dalaga. Ganito pala ang pakiramdam ng mahawakan ng lalaking mahal mo. Each touch felt warm and right and electrocuting. Dumadaloy sa kanyang mga ugat.

"Oh God, Coni... I've always wanted you," hingal nito sa bibig niya. He thumbed one corner of her mouth before pressing a full hot kiss over her slightly parted and swollen lips.

Mariing naipikit ni Belladonna ang kanyang mga mata. *Coni*… He called her 'Coni' and it hurt like hell! Diyos ko, hindi siya si Heliconia. Tama ba itong ginagawa niya?

"I want you, Coni." He hastily pulled her nightdress up her arms and over her head before throwing the little garment in the air, without taking his eyes off her. Eyes that were dark with want and lust. Gumulong ito at dinaganan siya, pumipisil ang kamay sa kanyang tagiliran. He took her mouth again while running his fingers over her breasts one after the other, toying with her nipples. His head dipped and ran his tongue over her areola before pulling her nipples into his mouth.

Umarko ang katawan ni Bella sa sensasyong dulot ng eksperto nitong mga labi, sabay singhap nang damhin nito ang pagitan ng kanyang mga hita. His middle finger pushed aside the tiny fabric covering her mound and shoved his middle finger inside her.

"Oh, God!" daing niya. Her sex throbbing and clamping tight around his finger. Sa puntong iyon ay wala nang ibang laman ang isipan niya kundi ang nalalapit na pag-iisa nila ni Crexus. She wanted to give her everything. Wala na siyang pakialam kung si Heliconia man ang nasa isip nito habang nakikipagniig sa kanya.

Isinubsob ni Crexus ang ulo sa leeg niya. "F*ck,

you're so wet," he murmured, breathing against her ear. Dumistansya ito saglit upang pagmasdan ang kabuuan niya at hubarin ang natitirang saplot sa katawan. He then peeled off her panties, bent down to grab both sides of her legs. He pushed her legs wider apart and dipped his tongue over her engorged and glistening clit.

"No! Crex! I—"

"Shh... you taste so good." His skilled tongue slid inside her sex—exploring, tasting, and sucking the wet folds of her organ.

Sumabunot ang kamay ni Belladonna sa buhok ng binata. Iniliyad niya lalo ang kanyang katawan. "Ngayon na, pakiusap…" daing niya. Hindi na niya maipaliwanag ang nangyayari sa katawan niya. Bago niya pinlano ang pag-agaw kay Crexus ay inihanda na niya ang sarili. She studied the art of sex and kama sutra. Spent time checking porn sites. Sa kakapanood niya ay may paborito na siyang pornographic actor—French guy and a hot chef off cam. French and food was definitely a mouthwatering combo. Plus, his performance rating was at a whopping 9.1 star. Pero hindi pa rin pala siya handa sa realidad. Nothing could ever prepare her for this.

"Not so fast, I want you to come this way. Come for me, baby." He sucked her folds and clit harder, making her whimper and scream his name over and over again.

As if on cue, a sharp sensation arrowed straight to her groin and her legs quivered. "Crexus!" Kumapit siya sa kubrekama at umungol. Ungol na tila wala nang katapusan.

Itinuwid ni Crexus ang likod nito at ipinuwesto ang sarili sa pagitan ng magkahiwalay niyang mga hita. "I'll take you nice and slow, baby." Then he rubbed the tip of his cock against her creamy slit before easing fractionally into her. So slow.

"Yes, go slow… go slow…" Napahawak siya sa baywang ng binata. Mabagal at maingat ang ginagawa nitong unti-unting pag-angkin sa kanya, pero ramdam niya pa rin ang mumunting kirot. He pushed a little again then withdrew. Tila mababaliw ang dalaga sa ginagawa nito. She lifted her pelvis up to meet him.

"Be still. Don't move," he ordered, his breathing harsh and heavy. He held her hips and pushed his cock a little into her damp spot before roughly slamming his shaft up her cervix, tearing through her hymen completely.

Napasigaw si Belladonna sa biglaan at lubusan nitong pag-angkin sa kanya.

"Oh, f*ck, you're a virgin!" he groaned, eyes glinting with bliss. Pinaliguan nito ng maliliit na halik ang mukha niya at hinayaang makabawi ang kanyang katawan bago ito muling gumalaw.

They breathed as one. Moved as one.

In and out. In and out…

Her lover continued slamming and thrusting deep inside her. "Feel every inch of me sliding inside you, baby. You're mine. Will always be mine…"

Nanginig ang buo niyang katawan. She was coming again. Mahigpit niyang iniangkla ang mga binti sa baywang ng binata habang palakas lalo ang pag-ulos nito sa ibabaw niya. His muscles tensed and she knew that he was about to spill his fluid inside her. She hugged him tightly and her body took his semen down to the last drop. Kapwa sila hingal na hingal nang humupa ang init. She knew that tonight Crexus had carved his mark on her for a lifetime.

They spent the whole night making love. Pagkatapos siya nitong maangkin nang buong-buo sa kama ay pinangko naman siya nito at dinala sa shower….

# 1

"You are fired," matalim na asik ni Crexus Santa Maria, CEO ng *Santa Maria Chocolère Empire*, sa namumutlang si Mr. Lozana na siyang kasalukuyang Assistant Manager ng Accounting and Payroll unit. Ibinagsak niya ang hardbound, makapal at kulay abuhing libro sa ibabaw ng mesa sa harapan mismo ng matanda upang bigyang-diin ang desisyong pagsisante rito.

Nanginginig na napatitig ito sa titulo ng libro, *The Slave*. Isang regalo galing sa kakilala niyang manunulat. Hindi siya interesado roon at hindi nakalista sa kalendaryo niya sa taong kasalukuyan o sa mga susunod pa ang kumuha ng alipin. What would he need a slave for? Para halikan ang mga paa niya? Women kissed his feet during foreplay so no thanks. Itatabi na lang dapat niya ang libro, pero sa kung anong dahilan ay tila hinihigop siya ng pabalat na larawan—isang babaeng naka-fetal position, yakap-yakap ang mga tuhod at nakahiga patagilid.

"S-Sir, h-huwag n'yo po 'kong tanggalin sa trabaho…"

Muling tumuon ang mga mata niya kay Mr. Lozana.

Bilang CEO ay isang mukha lang ang ipinapakita niya sa mga tao—ang matigas at mabalasik na mukha. Kailangan niyang gawin iyon para sa kompanya, especially that *Santa Maria Chocolère Empire* (*SMCE*) was one of the world's leading companies in the chocolate business and the largest chocolate manufacturer in Southeast Asia.

While the sugar-coated chocolates of *SMCE* tasted divinely sweet, kabaligtaran naman niyon ang CEO ng imperyo. Crexus had not been blessed with even half a fraction of sweetness. He was born into money. Sex, power, and money were all that mattered. The man was callous and unsympathetic; striking fear into the hearts of the people around him.

Mas takot pa ang mga taong makasalubong siya kaysa makakita ng pugot na ulo. Nagbabadya lang naman ng walang katapusang kalupitan ang itim na itim niyang mga mata. Hindi siya nananakit ng pisikal. But the murderous glint in his eyes and his brutal words could slice through a person easily.

Crexus was no sugar. He was the kind of taste that stung the tongue. His heart was as dark as his eyes like bituminous coals. His face, however perfect and beautiful, did nothing to erase the fear of his clients and employees. Lalo na ngayon na kaliwa't kanan ang pangsisisante niya.

Si Mr. Lozana ay panlima na sa listahan ng mga empleyadong nasisante sa trabaho sa buwang kasalukuyan. Nag-ugat ang lahat sa pagnanakaw ng pera ng mismong unit head ng Accounting and Payroll na si Mr. Tuason. Ang ikinagagalit niya pang lalo ay ang patuloy nitong pagtatago at hindi pagharap sa nagawang kasalanan. In effect, lahat sa unit nito ay napagbubuntunan niya ng galit. And Crexus Santa Maria wasn't the best person to aggravate.

Crexus had a very, very bad temper. Case in point, ang disc jockey na papasikat pa lang ay nalaos na. Nagkamali itong gamitin siyang paksa ng katawa-tawang usapan on air. Tinawag siya nitong 'Krampus,' the half-goat half-demon dahil sa pagiging allergic di-umano niya sa Pasko. The DJ said he was a demon so he showed the former the demon in him. Gamit ang kanyang malawak na koneksyon ay nawalan ng sponsors at supporters ang istasyong pinagtatrabahuhan nito kaya nawalan din ito ng trabaho.

Walang pagmamadaling inayos ni Crexus ang silver necktie at pilak ding cufflink malapit sa kanang pulso, at sumimangot nang makitang may maliit na gusot doon. Idiniin niya ang hinlalaki sa parteng nagusot at aburidong kinuskos ang tela. Mananagot si Laleng sa kanya, ang personal na taga-plantsa ng mga damit niya.

Alam na alam naman ng kasambahay na gusto

niyang plantsado ang lahat, malinis at maayos. He had an obsessive need to put things in a perfect order. Ayaw na ayaw niyang nagugulo ang mga bagay o hindi umaayon sa gusto niya ang takbo ng mga pangyayari.

Itinaas ng binata ang mukha at itinuon ang itim na itim at mala-uwak na mga mata sa kaharap na nahuli niyang nakatitig din sa maliit na gusot. Taranta itong nagyuko ng ulo nang magtama ang mga mata nila. The old man was already constantly fidgeting in his chair since he sat there exactly fifteen minutes ago, at nang sinabi niyang sisante na ito ay lumaylay ang mga balikat ng matanda. Nasa sesenta na si Mr. Lozana. Nakakalbo na ang tuktok ng ulo nito at puti na lahat ang natitirang kakarampot na buhok. Maliit ito pero bilog na bilog ang tiyan.

"S-Sir, humihingi po ako ng isa pang pagkakataon. P-paano na ang pamilya ko? Maawa po kayo sa akin. Wala ho akong alam sa mga plano ni Tuason." Halos manikluhod na ang kanyang kausap na tumayo mula sa upuan nito sa loob ng boardroom.

Ang binata naman ay nanatiling nakaupo sa punong puwesto at malamig ang mga matang nakatitig kay Mr. Lozana. He felt nothing. Nothing at all, except for the harsh pounding of his heart. Wala siyang makapang awa para sa matanda.

"Exactly the reason why I'm kicking you out. Wala kang alam. Assistant Manager ka ng Accounting and

Payroll unit. You're supposed to know what's going on! Paanong nakakulimbat ng malaking halaga si Tuason nang hindi mo nalalaman?"

Hindi ito nakasagot. "Patawarin na ninyo ako sa aking kapabayaan, Sir. Nag-aaral pa ho ang mga anak ko. M-mahihinto po sila sa pag-aaral."

He sighed uncaringly. "Not my problem."

Namilog ang mga mata nito. "Sir! Wala kang puso—"

"Leave now before I call the security," he cut him off. His words were acid. Sumusugat at nakakapaso.

Nanlumo si Mr. Lozana at bagsak ang mga balikat na lumabas ng boardroom. Hindi na rin nagtagal si Crexus sa loob ng silid na iyon. Pagkalabas na pagkalabas niya ay awtomatikong nilamon ng katahimikan ang production floor. Mga kabadong pagtipa at nakatutulig na ingay ng panay tunog na telepono ang maririnig.

"Tititigan n'yo na lang ba iyan?" madilim ang mukha niyang tanong, nakatingin sa nag-iingay na aparato.

Naparalisa ang lahat.

"Someone answer that f*cking telephone! Now!" dagundong niya.

"Sorry, Sir!" Nag-unahan pa sa pagsagot sa telepono ang dalawang empleyado.

Napailing siya at paalis na dapat nang mahagip ng kanyang mga mata ang maliliit na gintong bells na may

lasong pula sa hawakan na nakapatong sa mga mesa at ang Christmas greeting na nakasulat sa white board. His eyes bled.

"Maligayang Pasko sa lahat!" bigkas niya sa makapal na boses, nagsasalubong ang mga kilay. Of all the holidays in the world, he hated Christmas the most. Hindi siya naniniwala sa diwa ng Pasko.

Mula pagkabata ay hindi siya minsan man naniwala kay Santa Claus. The latter never existed. Reindeers and flying sleighs weren't real. Ni hindi niya in-attempt minsan man na magkabit ng medyas sa chimney ng bahay-bakasyunan nila sa New York.

Ironically, may 'Santa' ang apelyido niya—Santa Maria, at ayon sa mga magulang niyang kasalukuyang abala sa pagku-cruise ay kinuha ang pangalan niyang 'Crexus' sa katagang Christmas, just because he was born on Christmas f*cking day! What a no-brainer. If people would ask him why he hated Christmas, isa lang ang sagot niya: Just because. Walang karumal-dumal na pangyayari sa buhay niya ang ugat kung bakit ayaw niya sa Pasko. Christmas was not his season. That's all.

Napahugot siya ng malalim na paghinga. Sino ang niloko niya? Okay, maybe because Christmas was cold for him. Mahabang panahon ng taglamig. Noong bata pa siya ay ginugugol niya ang buong buwan ng Disyembre sa loob ng kanyang kuwarto, nagkukulong

habang nangangaligkig sa lamig. He was cold and was so hungry for affection.

His parents seemed not to care about him. Ni hindi niya maalala kung nayapos ba siya ng kanyang mga magulang noong bata pa siya. Touch was an unusual thing for them. Nag-iisa siyang anak subalit walang panahon sa kanya ang mga ito. Ipinanganak lang yata siya para may solong tagapagmana at hindi mapunta sa wala ang perang halos sambahin na ng mga magulang niya.

The Santa Marias were rich—properties and houses everywhere! A three-storey mansion in the heart of Luzon yet the corridors were freezing and the halls were empty. Itinuro sa kanya ng kanyang mga magulang na sobrang importante ng pera at kapangyarihan. They said gold wins the war everytime.

And of course, another reason why he hated Christmas was because the pesky season reminded him so much of a woman…

Ipinilig ni Crexus ang kanyang ulo upang alisin sa gunita ang imahe ng babae. "What are the stupid bells for?" he asked through clenched teeth. "At sino ang nagsulat ng Christmas greeting na iyan?"

Walang nagsalita kaya kinailangan pa niyang ipukpok ang kamay sa pinakamalapit na desk. "Lahat kayo mga pipi? Answer me!"

"S-Sir, ano kasi… m-malapit na pong mag-Pasko.

Christmas n-na po next month kaya… uhm… naisipan po naming magkabit ng kakaunting d-dekorasyon," tugon ng isang empleyadong naglakas-loob.

"I don't care and I don't do Christmas here! Kung hindi kayo sang-ayon sa mga patakaran ko, then you can start updating your resumés and get the f*ck out of here. Alisin at burahin n'yo ang mga iyan ngayon din. If I see one stupid bell or that foolish greeting before I leave the office tonight, lahat kayo'y mananagot sa akin!" he barked.

"Yes, Sir!" sabay-sabay na tugon ng lahat.

"Uhm... S-sir, excuse me po," nag-aalangang singit ng bagong HR Assistant. Namumutla ito at hindi siya matingnan sa mata.

"What?" iritado niyang baling sa babae.

Inabot ng nanginginig nitong kamay ang dalawang piraso ng manipis na papel. "S-summon letter po mula sa *Labor*. N-nag-file ng illegal termination si Mr. Dizon, ang nasisanteng payroll specialist—"

Pinukol ni Crexus ng matalim na tingin ang babae. Kilala niya si Mr. Dizon. Ito ang payroll specialist na sinisante niya bago si Mr. Lozana. "What am I supposed to do with that?"

"Ah, ano, Sir…"

"What?" istrikto niyang tanong.

Nagyuko ng ulo ang babae at kinutkot ang kuko. The gesture irritated him more. It annoyed him as f*ck.

Gusto niyang hilahin at talian ng lubid ang kamay ng babaeng hindi makaimik para matigil lang iyon sa paggalaw.

He groaned, pissed off. "Dalhin mo iyan sa Director ng HR unit and re-orient yourself with the rules and procedures!"

"Y-yes, Sir! S-sorry po. Sorry po talag—"

*Sino si Santa Claus ang tanong sa akin ng aming bunso na naglalambing. Bakit Pasko lamang naming kapiling at nagmamahal sa amin. Pakinggan mo bunso nang malaman mo si Santa Claus ay laging naririto—*

Namutla ang kaharap. Mabilis nitong dinama ang bulsa ng suot na slacks at mabilis pa sa kidlat na in-off ang cellphone. "Sir, pasensya po!"

Naningkit ang kanyang mga mata. Christmas song ang ringtone nito? What the f*ck! "Umalis ka sa harapan ko. Ngayon din!"

Tumalima ang HR Assistant at halos madapa sa pagtakbo palayo.

Tumalikod ang binata at nag-iwan ng takot at pangamba sa puso ng mga naroroon. Dumerecho siya sa kanyang executive office at tinanaw ang 201 file ni Frederick Tuason na nakalapag sa lamesa. Gumalaw ang panga niya. Katulad ng Pasko, malamig din ang puso ni Crexus. Pagbabayarin niya ang matanda sa kasalanan nito. Marami na itong utang sa kanya.

# 2

Crexus stripped off his white dress shirt and strode into his spacious walk-in closet. Nasa adjoining room iyon ng kanyang executive office. The cool, mosaic walls of the room welcomed him. Nakalinya sa kanan ang kanyang formal coats and polo shirts na inayos sa magkakaparehong klase at kulay. Sa isang malaking drawer ay iba't ibang disenyo ng kurbata. Sa ibabang eskaparate ay mga sapatos niya at sa salaming eskaparateng nasa pinakagitna ng silid ay naka-display ang iba't ibang mamahaling relo.

Tinapunan niya ng tingin ang gusot sa pupulsuhan at muling sumimangot. He hated the tiny crease. Kung tutuusin ay hindi naman siya inaano ng maliit na gusot at halos hindi na nga mahahalata iyon. Pero naiinis pa rin siya.

Hinubad ni Crexus ang damit at maayos na tinupi bago inilapag sa laundry bin sa isang tabi. Inabot niya ang naka-hanger na puting polo shirt at isinuot iyon. *Ah, better*. Clean and crease-free. He stalked out of the room and into the kitchenette. Kumuha siya ng whiskey at nagsalin sa mababang baso bago bumalik sa kanyang desk. Hanggang isang baso lang ang limitasyon niya.

One glass. Period.

He quit drinking too much three years ago. The last time he drowned himself in alcohol, he wound up naked next to a woman in bed. Ang sumunod na mga pangyayari ay naging napakabilis para sa kanya. One minute, the woman was sprawled naked on the bed; the next minute, she was gone. *Forever*. Hindi niya alam kung ikatutuwa niya iyon o ano. Halu-halo ang emosyong dumaloy sa dibdib niya.

Napabuga siya ng hangin at sinimsim ang alak.

May pagkakataon bang naging mabait si Crexus Santa Maria? May isang yugto naman ng buhay niya na lumambot ang kanyang puso. Three years ago, he started to care for someone. A woman. Kay Heliconia Tuason. Yes, Heliconia was the daughter of Frederick Tuason, but she was also the love of his life. Nakilala niya ito sa advance Christmas celebration ng *SMCE* na ginanap sa unang araw ng Disyembre. May aasikasuhin ang ama niya sa U.S. kaya in-advance nito ang selebrasyon para sa Pasko.

Crexus fell in love with her the moment their eyes met. Sa unang segundo pa lang ng pagtatagpo ng kanilang mga mata ay kakaiba na kaagad ang nadama niya para rito. He knew the moment he looked straight into her eyes that she wasn't going to be just a passing fancy. There was something in her russet eyes—a special

glow. He saw a drizzle of naughtiness and a touch of sweetness in her eyes.

*Sui generis*!

The woman stood next to an enormous twelve feet Christmas tree, tilting her head up so she could see the giant star on top. She was just so elegant and breathtaking. Auburn hair tied up in a loose bun with soft strands hanging at each side of her heart-shaped face. Skin so pinkish and glowing. White gold necklace embraced the woman's delicate neck and the subdued light in her teardrop pendant shone at her chest just above the swell of her breasts, illuminating from within.

Nakahantad din ang kurba ng maganda nitong katawan dahil sa suot na pulang evening gown na hapit sa katawan. Alam niyang maganda rin ang hubog ng mga binti nito sa ilalim ng malambot na tela. Mga binting nagtatapos sa isang pares ng black strappy heels.

Hindi na niya pinakawalan si Heliconia matapos niyang makipagkilala rito. The strong emotion he felt for her at first sight was too special to just ignore. Whirlwind romance ang nangyari. Walang ligawan, basta na lang nagkaintindihan. He was happy all because of Heliconia, his sweetest flower.

Pero sa lahat ng kuwento ay hindi mawawala ang kontrabida at sa kaso nila, iyon ay si Belladonna Tuason, Heliconia's evil twin sister. Kagaya ng bulaklak

na Belladonna ay nagtataglay rin ng lason ang dalaga. Lasong mabangis at nakamamatay. He was poisoned by her and her poison stayed forever in his bloodstream. And there's no cure for it.

*"Daddy is marrying her off to Yarrick, a family friend. Don't worry, he's a good man. Sigurado akong hindi niya pababayaan si Coni."* Dinig pa rin ni Crexus ang litanya ni Belladonna na tila kasasabi lang nito iyon sa kanya kahit na ang totoo ay tatlong taon na ang lumipas.

Kumuyom ang kamay niya. Tinanong niya si Belladonna kung bakit gustong ipakasal ng ama nito si Heliconia sa lalaking sinasabi nito.

*"Because I asked for it. I want you for myself, Crexus. Sa akin ka. Hindi ka puwedeng mapunta sa iba kahit na sa kakambal ko pa, at nakahanda akong gawin ang kahit na ano makuha ka lang. Aagawin kita sa kanya."* Her eyes were dreamy, sparkling even. Titig na titig ito sa kanya na tila nangangarap.

Alam niyang may gusto sa kanya ang dalaga. Halatang-halata iyon sa awtomatiko nitong pamumula tuwing mapapatingin siya rito. Akala niya ay harmless crush lang iyon, hanggang sa naging agresibo na ito sa layuning paghiwalayin sila ni Heliconia.

And the witch succeeded.

Napahigpit ang hawak ni Crexus sa baso ng alak. Nang mga panahong iyon ay ang kanyang ama pa ang

may hawak sa kompanya at kaibigan nito si Frederick Tuason. Sinubukan niyang itanan si Heliconia, pero hindi maganda ang kinalabasan niyon.

Dumiin ang pagkakakuyom niya sa kamaong nakapatong sa armrest ng upuan, tagusan ang tingin sa salaming pader na nakamasid sa siyudad. The city lights disappeared as his mind flew back in time, three years ago on Christmas Eve….

*"Coni, hindi ka puwedeng magpakasal sa iba! I'll fight for you! For us!" Kausap niya ang nobya sa telepono. Dama niya ang tensyong gumagapang sa leeg at panga niya.*

*Hindi kaagad tumugon ang dalaga. Bumuntong-hininga muna ito. Mahaba at mabigat. It scared the f*ck out of him. His throat constricted and his grip tightened around the phone.*

*"Please, don't break up with me. Not because of this. Not ever! I won't let you! We'll get through this, trust me."*

*"I... I don't know, Crex…"*

*F*ck, the woman sounded unsure, confused and scared. He was sure her voice broke. Hindi niya alam kung anong pananakot ang ginawa rito ng ama at ng kakambal.*

*"No, Con. We're not ending us. Hindi ako papayag! I know this isn't easy. Pero, pakiusap, huwag mo naman akong sukuan," samo niya. "I will protect you from them, from anything. There is nothing you have to be afraid of.*

*Nandito lang ako."*

*"Pero si Bella… mahal ka niya. Lagi siyang umiiyak. Lagi niyang sinasabi sa akin kung gaano ka niya kamahal. Kung ano ang kaya niyang isakripisyo para sa 'yo… Hindi ko alam kung kakayanin kong saktan siya. She's my twin."*

*"I don't care, Con!" Halos mapudpod ang bagang niya sa pagkikiskisan. Tukod-langit ang pagkamuhi niya kay Belladonna dahil sa ginagawa nitong panggugulo sa relasyon nila ng kanyang nobya. The woman was so desperate. She cried, begged, and stalked him like a fool. Hindi nito matanggap na si Heliconia ang gusto niya. "Wala akong gusto sa kakambal mo. Ikaw ang gusto kong makasama. Ikaw lang."*

*Isang buntong-hininga ulit ang narinig niya sa kabilang linya.*

*"Magkita tayo. Itatanan kita. If I have to marry you now, gagawin ko. I will marry you. Be my wife, Heliconia." Crexus fisted his already tousled hair. Ilang daang beses na niyang pinaraanan ng mga daliri ang magulong buhok. "Kapag kasal na tayo, wala na ring magagawa ang daddy mo at ang kakambal mo."*

*"O-okay," sang-ayon ni Heliconia matapos ang mahabang sandaling pananahimik.*

*Nabunutan siya ng tinik. Tinapunan niya ng tingin ang orasang nakasabit sa pader. It's ten minutes past twelve midnight. "Magkita tayo ngayon. Remember our resthouse*

*in Tagaytay? I'll meet you there. Ako na ang bahala sa lahat." Solo nila ang resthouse dahil umuuwi tuwing Pasko sa pamilya nito si Nanay Lucing, ang caretaker nila. Nadala na niya minsan doon ang nobya para daluhan ang kaarawan ng matanda na hindi na iba sa kanya.*

*"N-natatakot ako, Crex," she croaked.*

*"Shh... don't be. I won't let anything or anyone ruin us, I promise you that," determinado niyang sambit.*

*"Sige," she sighed. "I'll see you in a while."*

*"Thank God. Drive safely."*

*"I will, thanks. You, too. Ibababa ko na 'to. Baka magising pa sina Daddy at Bella."*

*"Wait! Con, hihintayin kita."*

*"Dadating ako."*

*He waited. Waited for hours. Naubos na niya ang tatlong bote ng alak, pero wala pa rin si Heliconia. He was beginning to think na naharang ito ng ama at kakambal.*

*"Damn it!" he cursed. Tinabig niya ang mga boteng nakapatong sa kitchen island. Gumulong ang mga iyon sa lamesa bago tuluyang nahulog at nabasag. Nagkalat ang mga bubog sa sahig.*

*Tumayo si Crexus para lumabas ng resthouse. Susugod siya sa bahay ng mga Tuason. Kukunin niya si Heliconia kahit sapilitan pa. Pagtayo niya ay bumagsak din siya uli sa upuan.*

*"F*ck beers." Naparami ang nainom niya. He really*

*needed to stop drinking beer whenever he was tense. Walang naidudulot na maganda katulad na lang ngayon, paano siya susugod sa bahay ng mga Tuason kung ni hindi siya makatayo nang tuwid? Nanlalabo na rin ang paningin niya.*

*He groaned. Nangangapang tinungo niya ang silid. He would rest a little, pagkatapos ay magkakape siya para mahimasmasan. Hinubad niya ang t-shirt at inihagis sa couch bago walang ingat na inilatag ang katawan sa malaking kama. Wala pang isang minutong nailalapat niya ang likod sa higaan ay umawang na ang pinto. He squinted his eyes.*

*Madilim sa loob ng kuwarto at tanging liwanag mula sa bilog na buwang nakasilip sa awang ng bintana ang nagsisilbing ilaw kaya hindi niya maaninag ang mukha ng pigurang nakatayo sa pintuan ngayon. He could only see the small yet curvy figure of a woman and the flimsy fabric that clung to her curves.*

*Hinila niya ang sarili paupo at isinandal ang likod sa headboard. "Heliconia?" He opened his arms, urging her to come to him. "You came…"*

*Tumikhim ang babae. "Y-yes." Pumiyok ito at halata ang bahagyang panginginig. "O-oo, nandito na ako."*

*Nangunot ang noo niya pagkarinig sa boses nito. Her voice sounded different. Mas magaan, mas kahali-halina. "I knew you would," sambit niya, itinataboy ang isang*

*bagay na nagsusumiksik sa likod ng utak niya.*

*Nang ipaloob nito ang maliit na katawan sa nakabuka niyang mga braso ay kakaibang init ang nadama niya. Tuluyan na niyang binalewala ang pag-aalinlangan. Her kind of warmth was tempting. Init na humihikayat sa kanya na lalo pang tuklasin ang hiwaga nito. Her scent was also different—scent of fresh oranges and petals.*

*Nahibang na ang binata at nawalan ng kontrol sa sarili. He wanted to consume her, and consume her he did. Sinakop ng mainit niyang palad ang batok ng dalaga kasabay ng pagbaba ng kanyang mga labi sa bibig nito. He groaned. God, the woman tasted sweet. Her tongue tasted clean and candy sweet, urging him to suck the wetness of it. Napaungol siya. Malakas ang pagpulso ng mga ugat niya sa katawan na ang babaeng kapiling ang hinihiyaw. Nilaliman niya pa lalo ang halik.*

# 3

Pinutol ng katok sa pinto ang daloy ng mga alaala sa kanyang isipan. Sumungaw ang ulo ng kanyang sekretarya.

"S-Sir, may gusto pa ba kayong ipagawa sa akin? Uuwi na ho sana ako k-kung okay lang po sa inyo…" May bahagyang nginig sa tinig nito. Inayos ng babae ang makapal na salaming dumausdos sa dulo ng maliit nitong ilong, the typical secretary.

"Wala na, Julia. You can go."

"Salamat po, Sir! M-mauna na po ako. Kung may kailangan—"

Itinaas niya ang isang kamay. "I'm good, Julia. Go home."

Tumango ang babae at aktong kakabigin na pasara ang pinto nang may maalala. "Sorry, Sir, nakalimutan kong sabihin sa inyo kanina. May tumawag pala. Hinahanap ka."

"Babae?" walang gana niyang tanong.

"Yes, Sir," magalang nitong sagot.

Napailing si Crexus. Women. Pupusta siyang si Peach na naman iyon. Somehow, in-expect na niyang mangungulit ito dahil kinansela niya ang dinner date

nila. Isa lang si Peach sa mga side flings niya. May steady girlfriend siya, si Dominique, at alam ng kanyang nobya ang mga kalokohang pinaggagawa niya. But she tolerated him, anyway. Kaya siguro nagtagal sila ng dalawang buwan na ngayon kahit na alam nilang pareho na walang patutunguhan ang relasyon nila.

"Hindi ho nagpakilala ang babae. Ang s'abi niya lang ay may ipinadala siyang regalo sa bahay mo."

Doon na naagaw ang atensyon niya. "Hindi nag-iwan ng pangalan?"

"Kilala n'yo raw ho siya at malapit na kayong magkitang muli."

Nagsalubong ang mga kilay niya. "Baka naman prank call iyon, Julia?"

"B-baka po, Sir. Iyon din ho ang iniisip ko."

"Okay, umuwi ka na. Kapag tumawag uli bukas, i-transfer mo na lang sa line ko."

"Sige po."

Inisang lagok ni Crexus ang natitirang alak sa baso nang tuluyang mapag-isa. Iniisip niya ang misteryosong tawag at ang imahe ng isang mukhang nagsusumiksik sa utak niya ngayon. *It couldn't be her…* His gaze focused on the nude figurine of a woman made of frosted glass. Its perfect curves reminded him of someone. Someone he despised and inordinately desired at the same time. Someone he had no business wanting. Someone he

chose to let go a long time ago.

Huminga siya nang malalim. Nabalot na naman ng kakaibang init ang katawan ng binata, and the frosted glass reminded him so much of a soft naked body under the steaming shower, pressed hard and hot against the frosted wall glass.

*Crexus palmed one heavy breast after the other. "Crexus! Oh, yes, yes!" sigaw ng babaeng katalik sa ilalim ng dutsa. Her moans choked in her throat as his mouth descended to roughly cover her mouth—hot, torrid, and wet mixed with the taste of clean water—while his pelvis moved forward and back, brutally smacking her f*cking tight cunt. He f*cked her harder, squeezing her butt, stretching her to the root.*

*Her wetness was mindblowing, the walls of her sex milking and licking every inch of his huge and veiny cock. "F*ck, f*ck!" Kumuyom ang kamao niya. Itinulak niya paharap sa frosted glass ang katawan ng dalaga, mashing her breasts against the shower panel and crushing her highly sensitized nipples against the cold and dripping panel. Her body was his and only he could touch her like this and no one else. A sense of possessiveness was eating him whole.*

*Binuhat niya ang dalaga patungong kama. "You are mine," he rasped. "I will never let you be away from me." Tinuyo niya ang mga butil ng tubig na naglalandas sa hubad nitong katawan. His spine shivered in delight and*

*ecstasy as he pushed the woman's knees to her chest, spread her legs wider and pounded greedily until the distinct scent of sex became stronger. He pushed harder and pushed all the way into her core.*

*Dama niya ang pagbaon ng mga kuko sa kanyang likod at ang parahas na pagdaing ng dalaga. The sex was just too powerful, too strong, too surreal. With a final growl, he poured his viscous fluid inside her. Filling her up with his thick and warm seed.*

*Mariin niyang hinalikan sa labi ang dalaga. Nalalasahan niya ang init sa bibig nito. Saglit niyang inilayo ang katawan upang mapagmasdan ang mukha ng kaniig. Nakasabog ang mahaba nitong buhok sa puting unan, namumungay ang mga mata, at nakaawang ang mga labi. She was breathtakingly gorgeous. May palagay siyang hindi na mabubura sa isipan niya ang kagandahang nakalatag ngayon sa kanyang kama....*

Biglang tinapakan ni Crexus ang brake ng kotse upang itigil ang pag-agos ng nakaraan. "Shit!" His fiery eyes blazed a shade darker. Buo-buo ang pawis sa noo niya dahil sa mga eksenang nanariwa sa kanyang isipan. Tatlong taon na ang lumipas magmula nang mangyari ang nasira niyang planong pagtanan sa dating nobya.

Hindi nakarating si Heliconia sa resthouse, sa halip ay ang kakambal nitong si Belladonna ang dumating at

nagpanggap na ito ang nobya niya para makalapit ito sa kanya, and the sex just happened—the best sex of his life. Na ilang beses nilang inulit nang gabing iyon. The sex with her was wild… feral. Bella was always on top, driving him insane.

Mabilis siyang bumaba ng kotse. Hindi maayos ang pagkakaparada niya sa garahe, pero wala na siyang pakialam doon. Dumaraan ang ganitong mga pagkakataon sa kanya. Times when he didn't want to put things in order. Lalo na kapag naaalala niya ang nakaraan at ang mukha ng babaeng pinakawalan niya—ang mukha ni Belladonna. Pahawak pa lang siya sa seradura ng pinto ng bahay nang bumukas iyon at salubungin siya ng kasambahay niyang si Otay.

"Sir, may sulat pong dumating para sa inyo."

Umungol siya, sapu-sapo ang pagitan ng mga mata. "Just put it on the table. Masakit ang ulo ko, Otay." Nilampasan niya ang katulong at dere-derecho sa sala.

"Pero, Sir, ang bilin ng nag-abot sa akin ay siguruhin ko raw na mababasa n'yo agad."

Kumunot ang noo ng binata. Hindi niya nagustuhan ang tono ng kasambahay. Iginigiit nito ang gusto. He would've yelled at her but changed his mind. It'd be just a waste of energy. Ignorante si Otay at madalas ay hindi nito naiintindihan ang mensaheng gusto niyang iparating dito. Hindi rin nito alam kung ano ang kaya

niyang gawin sakaling mapigtas ang lubid ng pasensya niya. Sa isang banda ay masipag naman ang babae at hindi pabaya sa trabaho kaya pinagpapasensyahan na lamang niya ito.

Umungol siya, sabay sapo sa ulo. Kumikirot ang sentido niya. Iniumang ng katulong ang sulat sa kanya na tinapunan niya ng walang ganang tingin. "You call that a letter? That is a f*cking Christmas card. Are you shitting me?" Hindi nakaligtas sa mga mata niya ang larawan ng pine tree na may maningning na tala sa tuktok at sinabitan ng Christmas lights ang katawan.

"Sorry po, Sir. Akala ko po kasi sulat." Hindi pa rin nito ibinababa ang kamay. Pahablot niyang kinuha ang card at marahas na binuklat iyon.

*I wish you a Merry Christmas, Santa Maria.*
*A gift will be delivered to you shortly.*

*Love and Kisses,*
*Bella*

Nagulat siya nang mabasa ang pangalan ni Belladonna sa card. Binalot ng init ang dibdib at gulugod niya. Hindi niya inaasahan ang magiliw na pagbati mula sa babaeng sinaktan niya. It had been three f*cking years since he last saw her, since he chose

to hate her than to keep her and be with her.

Nilamukos niya ang card pagkabasa sa pangalan ng babaeng kinamumuhian niya. Yes, he loathed her. He loathed her beautiful face. He shouldn't want her yet he coveted her body and had sex with her. Hindi lang isang beses, hindi dalawa, kundi buong gabi. They had sex the whole night—raw, sinful, and erotic—in spite of the fact that he knew she wasn't his girlfriend.

Oo, napansin na niyang hindi ito si Heliconia, but he didn't stop. He wanted her, was above her. He couldn't just stop. And the urge to take her was so strong. He couldn't resist it.

Yeah, call him dickhead. He would've topped the Asshole Rating Self-Exam (ARSE). Ang depensa niya, una siya nitong nilinlang at nararapat lang iyon dito bilang mabigat na parusa sa panloloko at pagsira sa plano nila ng dating nobya.

Muling dumako ang mga mata niya sa nilamukos niyang Christmas card. Hindi siya interesado sa regalo nito. Ano pa ba ang maibibigay nito na wala pa sa kanya? He had everything—business, damit, sapatos, kotse, bahay, mga babae, casual sex, sex, and more sex—

Ding!

Napalingon siya sa pinto. Alisto ang katulong at mabilis na binuksan ang pinto. Tumambad sa kanila ang napakalaking kahon na ibinalot sa pula at berdeng

Christmas wrapping paper. May gintong ribbon sa isang gilid at maliit na card sa gitna kung saan nakasulat ang maikling mensahe; all capitals in black ink:

*A Slave For Santa*

Napamaang siya lalo na nang kusang gumalaw ang malaking kahon at umigkas pabukas ang takip niyon. Mabagal ang pagtayo ng isang pigura at dahan-dahan nitong iniunat ang katawang nakabaluktot kanina. Itinaas nito ang mga kamay pataas.

"Bloody hell..." Crexus cussed boldly. Christ struck him with thunder. Hindi siya makagalaw. Babae ang laman ng kahon. A woman clad in red shimmering skirt and a tiny red tube top na hindi umabot sa kalahati ng tiyan nito ang haba. Her hair was a mess. Strands and curls flying north and south and kissing her skin. F*ck, a mess but he liked it. Bumagay sa buhok nito ang maliit na santa hat. Humakbang ang dalaga palabas ng kahon kaya nabistahan niya ang isang pares ng pula rin nitong bota—with the fur! The woman was sexy. S-e-x-y!

"Hi, Crex. At last, we meet again," walang giliw nitong pagbati sa kanya.

Her voice was familiar. A voice that had choked in her lovely throat when he kissed her hard some years ago.

Nag-angat ito ng mukha at sinalubong ang kanyang mga mata. He found himself staring at a pair of russet

eyes, the color of sunset. Natagpuan niya ang sariling malagkit na nakatitig sa walang katapusang kulay ng papalubog na araw.

"Belladonna?"

# 4

Walang salitang nagtitigan lang sila ni Belladonna sa gitna ng malawak na sala. Umalis na ang katulong at siguradong nasa maid quarters na ito at ang iba pang kasambahay.

Hindi pa rin nagbabago si Belladonna Tuason. She was still as creative and as exaggerated as before, not to mention flexible. Para pa rin itong walang mga buto sa katawan. Isa na itong professional contortionist at nagtatanghal sa iba't ibang panig ng mundo.

Three years ago, sinubukan nitong pikutin siya, but it didn't work. Inayawan niya ito at sinabihan ng masasakit na salita nang malaman niyang hinarang nito ang kakambal kaya hindi nakarating sa resthouse at ito ang dumating sa halip na si Heliconia.

*"Bella, wake up!" May gaspang ang paraan ng pagyugyog niya sa balikat ng dalagang nahihimbing sa kama niya. Nagising siya nang umagang iyon dahil sa kumikirot na ulo, subalit mas sumakit lang ang ulo niya nang makita ang katabing babae—si Belladonna.*

*She was naked, he was too. Alam na niya agad kung ano ang nangyari sa kanila. Lalo na nang makita niya ang pulang mantsa sa puting bedsheet. He was her first.*

*Hindi niya alam kung ano ang iisipin o mararamdaman. Mabilis siyang nagbihis at nagdesisyong iuwi na ito.*

*Umungol ito at nag-iba ng puwesto mula sa pagkakatagilid at tumihaya. He pulled back because he was stunned for a while. Napakaganda ni Belladonna. Tumambad sa kanya ang dibdib ng dalaga. Breasts and long, pinkish crowns that he adored last night. Napaungol siya. A part of him wanted to just hold her close, and be with her. Pero nangibabaw ang galit niya.*

*Lalo niyang nilakasan ang tinig. "Bella, gumising ka na!"*

*Dahan-dahan nitong iminulat ang mga mata at sinalubong siya ng mga mata nitong kasingkulay ng papalubog na araw. "Crexus…"*

*"Ihahatid na kita sa bahay n'yo ngayon din," matigas ang tinig na sabi niya. Hinablot niya ang kumot na naipon sa paanan ng higaan at inihagis sa katawan ng dalaga. "Cover yourself."*

*Tuluyan na itong bumalikwas ng bangon. Kagat-kagat nito ang mapulang labi. She outstretched her hand, wanting to touch him. Pero pumiksi siya.*

*"Huwag mo akong hahawakan. Magbihis ka na. Ipapaliwanag ko 'to kay Heliconia. I'm sure she would understand. I was drunk and I thought you were her and—" Lumagapak ang kamay nito sa pisngi niya dahil sa malutong na sampal.*

*"I… I'm sorry," anito sa nanginginig na boses. Her whole body was shaking. "Please, Crex, baka mabuntis ako. Pakasalan mo ako." Suminok ito at pinahid ang luha. "A-alam na ni Daddy ang tungkol dito. Alam na rin ni Coni."*

*Pagak siyang tumawa, suyang-suya. "Nai-report mo agad sa daddy mo ang mga kaganapan dito? Hah! How? Did you call them while I was asleep?"*

*"Crex, pakiusap… P-panagutan mo lang ako…"*

*"Panagutan ka—" Biglang bumukas ang pinto at iniluwa niyon sina Heliconia at Frederick Tuason. Galit na galit ang matanda. Ang kasintahan naman niya ay tahimik lang na nakaalalay sa ama nito.*

*"C-Coni," sambit niya sa pangalan ng nobya. "I can explain this."*

*"No, Crex, may nangyari na sa inyo ng kakambal ko kaya tama lang na pakasalan mo siya."*

*Nagpakawala siya ng napu-frustrate na tawa. "Ano 'to? Pikot?" Lumingon siya kay Belladonna na nakaupo pa rin sa kama, yakap-yakap ang sarili. Nagyuko ito ng ulo at hindi siya matingnan sa mata.*

*"No, Bella, if you think I would marry you then think again. Hinding-hindi kita pakakasalan. Hinding-hindi ko ibibigay sa 'yo ang pangalan ko. Wala akong planong pag-aralan kang gustuhin man lang, mahalin pa kaya?" He knew he went overboard. Sa paglatay ng sakit sa*

*magandang mukha ni Belladonna, alam niyang nasaktan niya ito nang todo.*

*Akmang susugurin siya ng suntok ni Frederick, pero pinigil ito ng tinig ni Belladonna. "Dad! Please, huwag na nating pilitin si Crexus. Tama naman siya. Hindi tama 'to. Hindi tamang pikutin ko siya." Bumuntong-hininga ito. "Dad, Coni… hintayin n'yo na lang ako sa labas. Magbibihis lang ako."*

*Tumango sina Frederick at Heliconia saka tahimik na lumabas.*

*Isa-isang dinampot ni Belladonna ang nagkalat na mga damit nito sa sahig at inayos ang sarili. Wala itong imik at hindi minsan man tumingin sa direksyon niya. He wanted to grab her and pull her close. Nagagalit siya dahil ayaw man lang siya nitong tingnan. Ni hindi niya alam kung bakit kailangan niyang magalit dahil doon. Hindi ba at nagdesisyon na siyang hindi ito panagutan at tuldukan na ang kahibangan nito sa kanya?*

*Sa loob-loob ay paulit-ulit siyang nagmura. Gusto niyang kubkubin ang mukha nito at titigan ito sa mga mata. May kakaibang kirot na namuo sa dibdib niya nang hindi man lang ito humarap sa kanya.*

*"I'm sorry for even trying to make you mine," sambit nito nang sa wakas ay tingalain siya. "You broke my hymen and my heart. Hindi ko man mabuo ulit ang pagkababae ko, sisiguruhin ko namang mabubuo uli ang puso ko.*

*Makakalimutan din kita. Goodbye, Crexus."*

Pagkatapos niyang ipamukha rito na wala siyang planong pag-aralan itong gustuhin o panagutan ang namagitan sa kanila ay kusa na rin itong lumayo. She left, devastated and shattered. Hindi na sila nagkita pagkatapos niyon. He sort of expected that she would call him. Na sasabihin ni Belladonna na buntis ito at siya ang ama. Na hindi imposibleng mangyari dahil paulit-ulit silang nagtalik na walang kahit anumang proteksyon.

Condoms were a must use for him. And he was always in control of his libido. Kahit na lasing siya ay gumagana pa rin ang maingat na bahagi ng utak niya. It didn't matter if he was about to have sex with the goddess of planet Makemake, kung wala siyang dalang condom ay hindi siya makikipagtalik sa kahit na sinong babae.

But Belladonna was different. Just one kiss, just one touch and he was drowned in his desires to take her, own her and be inside her. To make her a complete woman. Inangkin niya ang katawan nito nang walang gamit na proteksyon. And he even came inside her! Kaya inihanda na niya ang sarili sa posibilidad na nagbunga ang pagniniig nila.

Pero hindi ni minsan man tumawag ang dalaga sa kanya kaya ipinagpalagay na niyang hindi ito nagdalang-

tao. Nakumpirma niya iyon nang magsimulang makilala ang pangalang Belladonna Tuason bilang mahusay na contortionist. Often, he would see her on T.V. and magazines. She became Venus to the whole world—popular and desired by everyone.

*And you desired her too*, anang isang maliit na tinig.

No! Maybe he wanted her for a good f*ck. Iyon lang. Hindi niya itatangging nagustuhan niya ang pag-angkin dito. Pag-angkin nang paulit-ulit. Lalo na at alam niyang malinis ito nang makuha niya.

*At hinahanap-hanap mo hanggang ngayon…*

Tumiim ang mga bagang niya at pilit na hindi pinakinggan ang sinasabi ng utak, subalit nagsusumiksik sa isipan niya ang mga pagkakataong napapakuyom siya sa galit tuwing makikita niya sa telebisyon at magazines na may ibang lalaking humahawak dito.

Na-link din si Belladonna sa isang Nick Freeman, solong anak ng magaling na film producer sa Brooklyn, New York. Kumalat ang pictures ng kakambal ni Heliconia kasama ang binata—stolen shots of them in coffee shops, malls, out-of-town escapades. The last picture he saw was an official photo posted on *Instagram*. Belladonna was with Nick in *Restaurante Botin*. The place was so romantic. Akmang-akma para sa isang lalaking magpo-propose sa kasintahan.

Halos mapisak ang puso niya sa kaba. Buong linggo

niyang ini-stalk ang *Facebook* page at *IG* ng dalaga, scared that he would read the words: 'We're engaged!'

Hindi mabilang ni Crexus kung ilang baso ang binasag niya dahil sa galit o ilang tao ang nasigawan niya dahil aburido siya. Hindi niya maipaliwanag kung bakit nagkakaganoon siya. Kinailangan pa niyang paganahin ang koneksyon para mapaghiwalay lang ang dalawa. It cost him a lot of money, pero wala iyon sa kanya basta mapaghiwalay niya lang ang dalawa at mailayo niya si Belladonna sa lalaki. Sa kahit na sinong lalaki!

Yeah, asshole na kung asshole. Kapag si Belladonna na ang paksa ng usapan, hindi na gumagana ang pagiging masusi at maingat niya. Organisado siya sa lahat ng bagay, sa lahat ng oras, subalit kahit na malaking gusot na i-display sa harapan niya ay hindi niya papansinin kapag pinag-uusapan na si Belladonna. He would always argue that he prevented any man from touching her because that was her punishment. Hinadlangan nito ang kaligayahan nila ni Heliconia kaya hindi rin ito puwedeng maging masaya.

"Nasaan na ang magnanakaw mong ama?" paasik niyang tanong sa dalaga nang mahamig ang sarili, pilit na iniignora ang nakalilitong emosyon na nagsusumiksik sa kanyang dibdib. Naiinis siya dahil hindi niya makontrol ang tibok ng kanyang puso na taliwas ang bulong sa dikta ng utak.

Umiling ang kaharap. "He's sorry, Crex, and I'm sorry too dahil hindi ko siya puwedeng isuko sa 'yo. I know you and I know you'd be hard on Daddy."

Nagtagis ang mga bagang niya at gusto niyang pilipitin ang maliit na mukha ng dalaga. Be hard on the old man? Kulang pa iyon! Sa pagpapahirap nito sa kalooban niya noong ilayo nito sa kanya si Heliconia dahil sa pakiusap ng paborito nitong anak at sa pagnanakaw nito ng pera sa kompanya, dapat ay mahatulan ito at ilagay sa silya elektrika. But then again, it would be too easy. Gusto niyang danasin din nito ang pighating dinanas nila ni Heliconia.

"Ano'ng ginagawa mo rito?" malagom ang boses niyang usisa.

"Nandito ako para bayaran ang kasalanan sa iyo ng aking ama," walang ligoy nitong tugon. Crexus was slightly distracted by how her right brow arched. Napakaperpekto ng hugis ng kilay nito. He wondered how much time it took her to perfect her brows.

"Natural ang mga kilay ko, Santa Maria," anito na tila nabasa ang tumatakbo sa isipan niya.

He frowned. Hindi nakapagtatakang natural ang kilay nito katulad na lang ng kung gaano kanatural ang maganda nitong mukha. And if not for her bloody red lipstick, magmumukha itong anghel. "Paano mo babayaran ang perang ninakaw ng ama mo sa kompanya

ko?"

"Easy. May solusyon na ako."

His lips half-twisted. Umigkas din ang mga kilay niya pataas. Ano na namang kabaliwan ang naiisip ng babaeng ito? "Well and good. Dala mo na ba ang ipambabayad mo?"

"Yes." Ngumisi ang dalaga. Ngising hindi naman umabot sa mga mata nito. "Me."